IJAMS INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume III, Issue 7 July 2023, eISSN: 2799-0664

# Kahulugan ng mga Simbolo sa mga Kartung Editoryal sa SONA ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte: Isang Semayotikong Pagsusuri

**DOMINADOR, JR B. MAQUILLAN**
Faculty Member
Dado National High School
maquillandom@gmail.com
ORCID No. 0009-0003-4471-5120

**NELIA O. DU**
Instructor
University of Southern Mindanao
nodu@usm.edu.ph
ORCID No. 0009-0007-4434-0970

*Abstrak* — Nilayon ng pag-aaral na ito na matukoy at masuri ang mga simbolong ginamit sa mga kartung editoryal sa mga SONA ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte. Ang mga katanungang sinagot sa pag-aaral ay (1) Ano-ano ang mga simbolo na ginamit sa mga kartung editoryal sa mga SONA ni Pangulong Duterte? (2) Ano-ano ang mga denotatibo at konotatibong kahulugan ng mga simbolong nakapaloob sa mga kartung editoryal patungkol sa mga SONA ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte.
Ginamit sa pag-aaral ang disenyong kwalitatibo sa paraang deskriptibo. Tinukoy ang denotatibo at konotatibong kahulugan ng mga simbolo na makikita sa ginamit na mga kartung editoryal batay sa ayos ng pagpapakahulugan ni Barthes (1957) na denotatibo at konotatibo. Ang mga kartung editoryal na sinuri na may kabuuang bilang na labing-apat (14) batay sa purposive-convenient sampling na paraan ng pagpili na nagmula sa opisyal na website ng mga pahayagang Philippine Daily Inquirer at The Philippine Star mula taong 2016 hanggang 2020 na nailathala sa loob ng isang linggo pagkatapos maisagawa ang mga taunang SONA.
Natuklasan na ang mga sign na ginamit sa mga kartung editoryal ay mga uri ng hayop at iba't ibang bagay. Napag-alamang may mga denotatibo at konotatibong kahulugan ang mga sign na ginamit sa mga karting editoryal.

***Susing Salita — Simbolo, Konotasyon at Denotasyong Kahulugan, Kartung Editoryal, Duterte, Pahayagan***

## I. Introduksiyon

Ang mga pahayagan ang isa sa mga karaniwang pinagkukunan ng mga lihitimong impormasyon tungkol sa mga kaganapang nangyayari sa lipunan (Cana, 2012). Isa na nga sa inaabangang bahagi ng mga mambabasa sa mga pahayagan na kapupulutan ng mga mahahalagang impormasyon sa kakaibang paraan ay ang mga kartung editoryal nito. Ang kartung editoryal o tinatawag ding politikal kartun ang pinakamakapangyarihan, pinakaepektibo, at

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

pinakamaaasahang tagapukaw ng atensyon ng mga mambabasa ng mga pahayagan. Ito ay dahil umano sa mga simbolong makikita rito upang itampok at bigyan ng representasyon ang mga isyu, opinyon, o mga napapanahong pangyayaring nagaganap sa lipunan (Loguibis, 2009).

Kaugnay nito, ilan sa mga tampok at inaabangang mga pangyayari na karaniwang ginagawaan ng mga kartung editoryal upang ilathala sa mga pahayagan na tunay na kakikitaan ng iba't ibang isyung panlipunan ay ang mga tampok sa taunang *State of the Nation Address* (SONA) ng pangulo ng bansa. Halimbawa nito ay sa tuwing isinasagawa ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte ang kaniyang taunang SONA bilang pangulo ng bansang Pilipinas na kung saan dito inilalahad ng pangulo ang kaniyang mga plano at mga pangako para sa bayan at sa mga mamamayang Pilipino. Sa katunayan, ang mga kartung editoryal na ito ay tunay na kakikitaan ng iba't ibang mga simbolo na ginagamit ng mga dyornalista upang ipahiwatig ang mga isyu, konsepto, at mga opinyong nangingibabaw sa naturang mga SONA. Sa mga pagkakataong ito, karaniwang dito lumalabas ang iba't ibang mga mahahalagang usapin tulad ng mga isyung kinasasangkutan ng bansa o lipunan na kung saan ang mga usaping ito ay karaniwang masasalamin sa mga kartung editoryal na kinakailangang maunawaan ng bawat mamamayan. Kaya naman, napakahalagang pag-aralan ang kahulugan ng mga simbolo ng mga kartung editoryal tulad sa mga SONA ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte upang mahimay at mabigyan ng angkop na interpretasyon ang mga larawan para sa agarang pag-unawa ng mamamayang Pilipino.

Ang pagsasagawa ng mga pag-aaral hinggil sa mga kartung editoryal tulad ng mga kartung editoryal patungkol sa mga SONA ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte ay bahagi na rin ng pagtugon sa mga rekomendasyong inilatag ng mga mananaliksik na nagsagawa ng mga pag-aaral kaugnay dito. Sa matinding rekomendasyon nga na inilatag ng isang tagapagsalita sa ginawang pagtitipon sa Pamantasan ng Pilipinas na si Loguibis (2009) na magsagawa umano ng mga kaugnay na pag-aaral tungkol sa mga kartung editoryal ng mga pahayagan sapagkat makatutulong ito sa pagpapayaman ng literatura ng *editorial cartooning* sa bansa. Dagdag pa niya, dito raw matutuklasan ang relasyon ng *editorial cartooning* at ang kalayaan sa pamamahayag, ang iliterasiya ng bansa, at ang politikal at ekonomikal na aspeto ng pahayagan. Dagdag pa rito ang pagtupad sa hamong inilatag nina Stead at Liew (2020) hinggil sa matinding pangangailangang makapagsagawa ng mga pag-aaral sa mga kartung editoryal upang makabuo umano ng mga talatuntunan (*indexing*) na makatutulong para sa pagpapayaman sa mga panggagalingan (*sources*) ng mga datos na magagamit sa gagawin pang mga pag-aaral.

Dahil sa matinding pangangailangang ito, ang mga kartung editoryal patungkol sa mga SONA ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte ang napiling pag-aralan ng mananaliksik na tiyak na makapag-aambag sa paglalatag ng mahahalaga at napapanahong mga impormasyong tiyak na magagamit sa larangan ng edukasyon na mapapakinabangan ng mga mag-aaral, guro, magulang, at lahat ng mamamayan sa pagpapalawak ng kanilang kamalayang panlipunan.

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

Volume III, Issue 7 July 2023, eISSN: 2799-0664

**LAYUNIN NG PAG-AARAL**

Layunin ng pag-aaral na matukoy at masuri ang mga simbolong ginamit sa mga kartung editoryal sa mga SONA ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte.

Sinagot ang sumusunod na katanungan:

1. Ano-ano ang mga simbolo na ginamit sa mga kartung editoryal sa mga SONA ni Pangulong Duterte?
2. Ano-ano ang mga denotatibo at konotatibong kahulugan ng mga simbolong nakapaloob sa mga kartung editoryal patungkol sa mga SONA ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte?

## II. Metodolohiya

Ang disenyo ng pag-aaral na ito ay kwalitatibo sa paraang deskriptibo. Sinuri sa pag-aaral na ito ang mga nakakubling denotatibo at konotatibong kahulugan ng mga simbolong nakapaloob sa mga kartung editoryal patungkol sa mga SONA ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte upang makapaglahad ng mga impormasyon at mga kaalaman hinggil dito.

Upang makalap ang mga kakailanganin at mga kaugnay na datos sa pag-aaral na ito ay isa-isang sinuri ng mananaliksik ang mga simbolong nakapaloob sa kabuuang imahe ng bawat kartung editoryal patungkol sa mga SONA ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte na sinipi mula sa opisyal na website sa internet ng mga pahayagang Philippine Daily Inquirer at The Philippine Star.

Mula sa mga simbolong natukoy sa bawat imahe ng mga kartung editoryal na ginamit sa pag-aaral ay isa-isa namang tinukoy ang mga nakakubling denotatibo at konotatibong kahulugan ng mga ito.

Upang maanalisa nang mabisa at maayos ang mga kartung editoryal patungkol sa mga SONA ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte ay pinagbatayan ng mananaliksik ang kabuuang konsepto ng signifier (simbolo) at signified (sinisimbolo) ni Saussure (1959) na mula sa papel ni Lanir (2019).


Sa pag-aaral na ito, tinukoy ng mananaliksik ang mga simbolo (signifier) na makikita sa ginamit na mga kartung editoryal. Mula sa natukoy na mga simbolo ay tinukoy naman ang mga nakakubling kahulugan o mga sinisimbolo (signified) ng mga ito na inihanay ayon sa uri ng kahulugan na denotatibo at konotatibo na nakabatay sa ayos ng pagpapakahulugan (order of signification) ni Barthes (1957) na nabasa sa papel ni Curtin.

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved


Volume III, Issue 7 July 2023, eISSN: 2799-0664

## III. Resulta Ng Pag-Aaral


T **Talahanayan 1.** Denotatibo at Konotatibong kahulugan ng mga *Sign* na nakapaloob sa mga piling Kartung Editoryal (KE) patungkol sa mga SONA ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte

| KARTUNG EDITORYAL | SIMBOLO (*SIGNIFIER*) | KAHULUGAN (*SIGNIFIED*) | |
|---|---|---|---|
| | | **Denotasyon** | **Konotasyon** |
| PDI 2016 – KE 1   | #1 tupa (*Symbol, Icon*) | Isang uri ng hayop | Pagiging maamo, mabait, mabuti, at masunurin |
| | #2 lobo (*Symbol, Icon*) | Isang uri ng hayop na pamilya ng mga aso | Nagpapakita ng pagiging matapang, pagiging sunod-sunuran at naglalarawan ng pagiging bastos |
| | #3 ulo ng baril (*Symbol, Index*) | Bahagi ng baril kung saan lumalabas ang bala | Sumisimbolo sa giyera o madugong labanan at kapahamakan |
| | #4 paa (*Index, Icon*) | Bahagi ng katawan na ginagamit sa paglalakad | Sumisimbolo ng kakayahan sa paglalakbay |
| PDI 2016 – KE 2   | #5 palakol (*Symbol, Index*) | Isang kasangkapan na ginamit pambiyak o pamputol ng kahoy | Pagputol o pagwasak sa isang gawain |
| | #6 pana (*Symbol, Index*) | Isang kasangkapang pansupang sa isang bagay para matusok | Simbolo ng pagiging mangangaso at pagiging matapang |
| | #7 itak (*Symbol, Index*) | Isang matalim na bagay na ginagamit pamputol | Simbolo ng labanan o digmaan |
| | #8 baril (*Symbol, Index*) | Isang kasangkapang pumuputok | Simbolo ng madugong digmaan |
| | #9 bulok na puno (*Symbol, Index, Icon*) | Ang puno ay isang uri ng halaman na ang pagkabulok nito ay maaaring dulot ng katandaan. | Sumisimbolo sa matagal nang bulok na mga gawain o sistema sa lipunan |
| | #10 bagong tubo na halaman (*Symbol, Index, Icon*) | Ang halaman ay isang pananim na nakikita sa paligid. | Sumisimbolo sa yaman ng kapaligiran; Naglalarawan ng bagong henerasyon |
| | | | |


Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

| | | | |
|---|---|---|---|
| PDI 2017 – KE 3  | #11 malalaking alon (*Symbol, Index*)<br><br>#12 bangka (*Symbol, Index*)<br><br>#13 tasa (*Symbol, Index*)<br><br>#14 salakot (*Symbol, Index, Icon*) | Natural na penominong pangkalikasan na nangyayari dulot ng paggalaw ng tubig<br><br>Isang uri ng sasakyang pantubig<br><br>Isang bagay na ginagamit sa pag-inom<br><br>Isang tradisyunal na sombrero ng mga Pilipino na karaniwang gawa sa ratan at kawayan | Malalaking hadlang, pagsubok o bagabag<br><br>Pagsabay sa agos ng buhay<br><br>Pakikiisa o pakikipagdiwang<br><br>Naglalarawan sa mga ordinaryong Pilipino na madalas ipinapakita sa katauhan ni Juan dela Cruz |
| PDI 2017 – KE 4  | #15 tangke ng hangin (*Symbol, Index*)<br><br>#16 lobo (*Symbol, Index*)<br><br>#17 papel (*Index*)<br><br>#18 maliit na ulo ng tao (*Symbol, Index, Icon*)<br><br>#19 malaking bunganga ng tao (*Symbol, Index, Icon*) | Isang bagay na ginagamit na sisidlan ng hangin<br><br>Isang bagay na gawa mula sa goma na lumalaki kapag nasisidlan ng hangin<br><br>Isang bagay na ginagamit na sulatan<br><br>Isang bahagi ng katawan ng tao na maaaring natural<br><br>Ang bungangaay bahagi ng katawan ng tao na makikita sa mukha. Ang pagiging malaki nito ay maaaring natural lamang. | Sumisimbolo sa dahilan ng paglobo<br><br>Naglalarawan ng paglobo<br><br>Pagkakaroon ng mahahalagang impormasyon<br><br>Makitid ang utak<br><br>Simbolo ng pagiging matakaw at maingay |
| PS 2017 – KE 5  | #20 teleskopyo (*Symbol, Index*)<br><br>#21 sako o supot (*Symbol, Index*) | Isang kasangkapang ginagamit upang makita nang malinaw ang isang bagay na nasa malayo<br><br>Isang bagay na ginamit na sisidlan | Sumisimbolo sa pag-uusisa<br><br>Naglalarawan ng pagiging marami |
| | | | |


Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

| | | | |
|---|---|---|---|
| PS 2018 – KE 6   | #22 salakot (*Symbol, Index, Icon*) | Isang tradisyunal na sombrero ng mga Pilipino na karaniwang gawa sa ratan at kawayan | Naglalarawan sa mga ordinaryong Pilipino na madalas ipinapakita sa katauhan ni Juan dela Cruz |
| | #23 karagatan (*Symbol, Index*) | Isang napakalawak na anyong tubig na karaniwang napakikinabangan ng mga tao sa pangingisda | Naglalarawan ng pagiging malawak |
| | #24 putol na tali (*Symbol, Index*) | Ang tali ay isang matibay na bagay na ginagamit pantali. Ang pagkakaputol nito ay karaniwang resulta ng malakas na pagkahila o ginamitan ng isang bagay para maputol. | Sumisimbolo sa pagkaubos ng pasensya ng isang tao. Naudlot na pangarap |
| | #25 pampang o pangpang (*Symbol, Index*) | Isang anyong lupa na natitibag na karaniwang nakikita sa gilid ng mga ilog | Karaniwang naglalarawan sa pagiging mataas at delikado; mahirap abutin |
| PDI 2016 – KE 7  | #26 elepante (*Symbol, Icon*) | Isang malaking uri ng hayop na may mahabang ilong | Sumisimbolo sa pagiging malaki at malakas |
| | #27 suklob (*Symbol, Index*) | Isang kasangkapang ginagamit na proteksyon sa labanan o digmaan para hindi tamaan ng itak o pana | Simbolo ng pakikipaglaban |
| | #28 pana (*Symbol, Index, Icon*) | Isang kasangkapang pansupang sa isang bagay para matusok | Simbolo ng pagiging mangangaso; matapang |
| PS 2018 – KE 8   | #29 malaking kamay (*Symbol, Index, Icon*) | Ang kamay ay isang bahagi ng katawan. Ang pagiging malaki nito ay maaaring natural. | Sumisimbolo sa pagiging makapangyarihan |
| | #30 galit na mukha (*Symbol, Index, Icon*) | Ito ay dulot ng matinding emosyon. Karaniwang nangyayari ito sa isang tao kapag may hindi nagustuhan. | Naglalarawan ng hindi pagkakaunawaan |
| | | | |

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

| | | | |
|---|---|---|---|
| PDI 2019 – KE 9   | #31 nakakimkim na palad o suntok (*Symbol, Icon*) | Galaw ng buong kamay na nakatiklop ang mga daliri | May sekretong tinatago o simbolo ng laban |
| | #31 patpat (*Symbol, Index*) | Isang uri ng pantusok na gawa sa kahoy o kawayan | Kahirapan; delikado |
| | #32 salakot (*Symbol, Index, Icon*) | Isang tradisyunal na sombrero ng mga Pilipino na karaniwang gawa sa ratan at kawayan | Naglalarawan sa mga ordinaryong Pilipino na madalas ipinapakita sa katauhan ni Juan dela Cruz |
| PS 2019 – KE 10   | #33 mga buto ng isda (*Symbol, Index*) | Bahagi ng panloob na katawan ng isda | Naglalarawan ng kahirapan |
| | #34 gulanit na damit (*Symbol, Index, Icon*) | Ang damit ay isang bagay na sinusuot upang matakpan ang bahagi ng katawan. Ang pagiging gulanit nito ay karaniwang resulta ng pagkapunit. | Naglalarawan sa mga taong mahihirap |
| | #35 salakot (*Symbol, Index, Icon*) | Isang tradisyunal na sombrero ng mga Pilipino na karaniwang gawa sa ratan at kawayan | Naglalarawan sa mga ordinaryong Pilipino na madalas ipinapakita sa katauhan ni Juan dela Cruz |
| PS 2019 – KE 11   | #36 *tangke de giera* (*Symbol, Index*) | Isang kasangkapang ginagamit ng mga military sa digmaan | Naglalarawan ng matinding giyera |
| | #37 taong nakaluhod (*Symbol, Index*) | Ang pagluhod ay isang posisyon na ang tuhod ay nakalatag sa lupa | Sumisimbolo sa paghihirap at pagmamakaawa |
| | #38 buwaya (*Symbol, Index, Icon*) | Isang uri ng mabangis at gumagapang na hayop na karaniwang naninirahan sa matutubig na lugar | Sumisimbolo sa mga taong abusado, mapagsamantala, suwapang, ganid, sakim, gahaman, magnanakaw o kurakot |
| | #39 palakol (*Symbol, Index*) | Isang kasangkapan na ginamit pambiyak o pamputol ng kahoy | Pagputol o pagwasak sa isang gawain |
| | | | |

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

| | | | |
|---|---|---|---|
| PDI 2020 – KE 12  | #40 *covid-19 virus* (*Symbol, Index, Icon*) | Tinatawag ding *N-Cov* o *corona virus* na isang uri ng nakahahawang mikrobyo na sinasabing nagmula sa Tsina taong 2019 | Sumasalamin sa pandemyang kasalukuyang nararanasan ng buong mundo |
| | #41 mangga-gawa (*Symbol, Index, Icon*) | Tawag sa taong nagtatrabaho para kumita | Simbolo ng lakas-paggawa |
| PDI 2020 – KE 13  | #42 mahabang papel (*Symbol, Index*) | Isang bagay na ginagamit na sulatan ng maraming impormasyon | Mahabang listahan ng mga impormasyon o mga pangako |
| | #43 *lectern* (*Symbol, Index*) | Patungan ng aklat | Sumisimbolo sa pormal na okasyon |
| | #44 lente (*Symbol, Index*) | Isang kasangkapang nakatutulong upang makita o mahanap nang malinaw ang isang bagay | May hinahanap na mga bagong impormasyon |
| | #45 salakot (*Symbol, Index, Icon*) | Isang tradisyunal nasombrero ng mga Pilipino na karaniwang gawa sa ratan at kawayan | Naglalarawan sa mga ordinaryong Pilipino na madalas ipinapakita sa katauhan ni Juan dela Cruz |
| | #46 *covid-19 virus* (*Symbol, Index, Icon*) | Tinatawag ding *N-Cov* o *Corona Virus* na isang uri ng nakahahawang mikrobyo na sinasabing nagmula sa Tsina taong 2019 | Sumasalamin sa pandemyang kasalukuyang nararanasan ng buong mundo |
| PS 2020 – KE 14   | #47 palasong wala ang kabilang ulo (*Symbol, Index*) | Ang palaso ay isang simbolo na ginagamit sa pagtuturo ng direksyon. | Likong pababa o pataas ang patutunguhan ng direksiyon o walang malinaw na direksyon |
| | #48 salakot (*Symbol, Index, Icon*) | Isang tradisyunal na sombrero ng mga Pilipino na karaniwang gawa sa ratan at kawayan | Naglalarawan sa mga ordinaryong Pilipino na madalas ipinapakita sa katauhan ni Juan dela Cruz |
| | #49 tangke ng oksiheno (*Symbol, Index*) | Kagamitan sa hospital na ginagamit pantulong para sa maluwag na paghinga ng taong may sakit | Naglalarawan ng pagkakaroon ng sakit |

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

***PDI 2016 – KE 1.*** Ang kartung editoryal na ito ay kakikitaan ng apat na *sign*. Ang mga *sign* na ito ay tupa, aso, ulo ng baril, at paa.

Sa denotatibong pagpapakahulugan, ang tupa ay isang uri ng hayop samantalang ang konotatibong kahulugan nito ay pagiging maamo, mabait, mabuti, at masunurin. Ang lobo naman sa denotatibong pagpapakahulugan ay isang uri rin ng hayop na pamilya ng mga aso samantalang ang konotatibong kahulugan nito ay pagiging matapang, sunod-sunuran at sa kabilang dako ay naglalarawan ng pagiging bastos. Ang ulo naman ng baril sa denotatibong pagpapakahulugan ay bahagi ng baril kung saan lumalabas ang bala nito samantalang sa konotatibong pagpapakahulugan ay sumisimbolo sa pagkakaroon ng giyera o madugong labanan. Ang paa naman sa denotatibong kahulugan ay isang bahagi ng katawan na ginagamit sa paglalakad samantalang ang konotatibong kahulugan naman nito ay sumisimbolo ng kakayahan sa paglalakbay.

***PDI 2016 – KE 2.*** Ang kartung editoryal na ito ay kakikitaan ng anim na *sign*. Ang mga *sign* na ito ay palakol, pana, itak, baril, bulok na puno, at bagong tubo na halaman.

Sa denotatibong pagpapakahulugan, ang palakol ay isang kasangkapang ginagamit pambiyak o pamputol ng kahoy, samantalang ang konotatibong kahulugan nito ay pagputol o pagwasak sa isang gawain. Ang pana naman sa denotatibong pagpapakahulugan ay isa ring kasangkapan pansupang sa isang bagay para matusok at ang konotatibong kahulugan naman nito ay simbolo ng pagiging mangangaso at katapangan. Sa denotatibong pagpapakahulugan naman, ang itak ay isang matalim na kasangkapan na ginagamit pamputol at ang konotatibong kahulugan naman nito ay simbolo ng paglaban o labanan at digmaan. Ang baril naman sa denotatibong pagpapakahulugan ay isa ring kasangkapang pumuputok na sa konotatibong pagpapakahulugan ay sumisimbolo ng matindi at madugong digmaan. Ang puno naman sa denotatibong pagpapakahulugan ay isang uri ng halaman na ang pagkabulok nito ay maaaring dulot ng katandaan nito. Ang bagong tubo naman na halaman sa denotatibong pagpapakahulugan ay mga pananim na karaniwang nakikita lamang sa paligid samantalang sa konotatibong pagpapakahulugan naman ay sumisimbolo ito sa yaman ng kapaligiran na naglalarawan din sa bagong henerasyon.

***PDI 2016 – KE 3.*** Ang kartung editoryal na ito ay kakikitaan ng apat na *sign*. Ang mga *sign* na ito ay malalaking alon, bangka, tasa, at salakot.

Sa denotatibong pagpapakahulugan, ang alon ay isang natural na penomenong pangkalikasan na nangyayari dulot ng paggalaw ng tubig samantalang sa konotatibong pagpapakahulugan naman, ang alon ay nangangahulugang hadlang, pagsubok, o bagabag. Ang bangka naman sa denotatibong pagpapakahulugan ay isang uri sasakyang pandagat samantalang ang konotatibong kahulugan naman nito ay pagsabay sa agos ng buhay. Ang tasa naman sa denotatibong pagpapakahulugan ay isang bagay na ginagamit sa pag-inom at ang konotatibong kahulugan naman nito ay pakikiisa o pakikipagdiwang. Ang salakot naman sa denotatibong pagpapakahulugan ay isang tradisyunal na sombrero ng mga Pilipino na karaniwang gawa sa ratan

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

at kawayan at ang konotatibong kahulugan naman nito ay paglalarawan sa mga ordinaryong Pilipino na madalas ipinapakita sa katauhan ni Juan dela Cruz.

***PDI 2016 – KE 4.*** Ang kartung editoryal na ito ay ginamitan ng apat na *sign*. Ang mga *sign* na ito ay tangke ng hangin, lobo, maliit na ulo ng tao, at malaking bunganga ng tao.

Ang tangke ng hangin sa denotatibong kuhulugan ay isang bagay na ginagamit na sisidlan ng hangin samantalang ang konotatibong kahulugan nito ay sumisimbolo sa dahilan ng paglobo. Ang lobo naman sa denotatibong pagpapakahulugan ay isang bagay na gawa mula sa goma na lumalaki kapag nasisidlan ng hangin at ang konotatibong kahulugan naman nito ay naglalarawan ng paglaki o paglobo. Ang maliit na ulo naman ay isang bahagi ng katawan ng isang tao na maaaring natural na nangangahulugan naman itong makitid ang utak sa konotatibong pagpapakahulugan. Ang malaking bunganga naman ay karaniwang isang natural na bahagi ng katawan na makikita sa mukha sa denotatibong pagpapakahulugan at simbolo naman ng pagiging matakaw at maingay sa konotatibong pagpapakahulugan.

***PS 2017 – KE 5.*** Ang kartung editoryal na ito ay kakikitaan din ng dalawang *sign*. Ang mga *sign* na ito ay teleskopyo at sako o supot.

Ang teleskopyo sa denotatibong pagpapakahulugan ay isang kasangkapang ginagamit upang makita nang malinaw ang isang bagay na nasa malayo samantalang ang konotatibong kahulugan naman nito ay naglalarawan ng pag-uusisa. Ang sako o supot naman sa denotatibong pagpapakahulugan ay isang bagay na ginagamit na sisidlan at ang konotatibong kahulugan naman nito ay naglalarawan ng pagiging marami.

***PS 2018 – KE 6.*** Ang kartung editoryal na ito ay may apat na *sign*. Ang mga *sign* na ito ay salakot, karagatan, putol na tali, at pampang o pangpang.

Sa denotatibong pagpapakahulugan, ang salakot ay isang tradisyunal na sombrero ng mga Pilipino na karaniwang gawa sa ratan at kawayan at ang konotatibong kahulugan naman nito ay naglalarawan sa mga ordinaryong Pilipino na madalas ipinapakita sa katauhan ni Juan dela Cruz. Ang karagatan naman sa denotatibong pagpapakahulugan ay isang napakalawak na anyong tubig na karaniwang napapakinabangan ng mga tao sa pangingisda samantalang ang konotatibong kahulugan naman nito ay naglalarawan ng kalawakan. Ang tali naman sa denotatibong pagpapakahulugan ay isang matibay na bagay na ginagamit pantali at ang pagkakaputol nito ay karaniwang resulta ng malakas na pagkahila o ginamitan ng isang bagay para maputol samantalang ang konotatibong kahulugan nito ay sumisimbolo sa pagkaubos ng pasensya ng isang tao o maaari ring gamitin upang ilarawan ang naudlot na pangarap. Ang pampang o pangpang naman sa denotatibong pagpapakahulugan ay isang anyong lupa na natitibag na karaniwang nakikita sa gilid ng mga ilog at ang konotatibong kahulugan naman nito ay naglalarawan sa pagiging mataas, delikado, at mahirap abutin.

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

***PDI 2016 – KE 7.*** Ang kartung editoryal na ito ay ginamitan ng tatlong *sign*. Ang mga *sign* na ito ay elepante, suklob, at pana.

Ang elepante sa denotatibong pagpapakahulugan ay isang malaking uri ng hayop na may mahabang ilong at ang konotatibong kahulugan naman nito ay sumisimbolo sa pagiging malaking tao sa lipunan. Ang suklob naman sa denotatibong pagpapakahulugan ay isang matibay na kasangkapang ginagamit na proteksyon sa labanan o digmaan para hindi tamaan at ang konotatibong kahulugan naman nito ay simbolo ng matinding pakikipaglaban. Ang pana naman sa denotatibong pagpapakahulugan ay isang kasangkapang pansupang sa isang bagay para matusok at sa konotatibong pagpapakahulugan ay naglalarawan sa pagiging mangangaso noong unang panahon at pagiging matapang.

***PS 2018 – KE 8.*** Ang kartung editoryal na ito ay kakikitaan ng dalawang *sign*. Ang dalawang *sign* na ito ay malaking kamay at galit na mukha.

Sa denotatibong pagpapakahulugan, ang kamay ay isang bahagi ng katawan at ang pagiging malaki nito ay maaaring natural lamang samantalang sa konotatibong pagpapakahulugan naman ay sumisimbolo ito sa pagiging makapangyarihan. Ang galit na mukha naman sa denotatibong pagpapakahulugan ay dulot ng matinding emosyon na karaniwang nangyayari kapag mayroong hindi nagustuhan ang isang tao samantalang ang konotatibong kahulugan naman nito ay naglalarawan ng hindi pagkakaunawaan.

***PDI 2019 – KE 9.*** Ang kartung editoryal na ito ay may tatlong *sign*. Ang mga *sign* na ito ay nakakimkim na palad na pasuntok o nakakuyom, patpat, at salakot.

Sa denotatibong pagpapakahulugan, ang nakakimkim na palad na pasuntok o nakakuyom ay isang galaw ng buong kamay na nakatiklop ang mga daliri samantalang ang konotatibong kahulugan naman nito ay maaaring may sekretong itinatago o sumisimbolo ng laban. Ang patpat naman sa denotatibong pagpapakahulugan ay isang uri ng pantusok na karaniwang gawa sa kawayan o kahoy na napakapayat samantalang ang konotatibong kahulugan naman nito ay sumisimbolo sa mahihirap, kahirapan, walang kinakain, at maaaring sumisimbolo sa pagiging delikado. Ang salakot naman na isa sa mga simbolong makikita sa kartung editoryal na ito sa denotatibong pagpapakahulugan ay isang tradisyunal na sombrero ng mga Pilipino na karaniwang gawa sa ratan at kawayan at sa konotatibong pagpapakahulugan naman ay naglalarawan sa mga ordinaryong Pilipino na madalas ipinapakita sa katauhan ni Juan dela Cruz.

***PS 2019 – KE 10.*** Ang kartung editoryal na ito ay kakikitaan ng tatlong *sign*. Ang mga *sign* na ito ay buto ng isda, gulanit na damit, at salakot.

Ang buto ng isda sa denotatibong pagpapakahulugan ay bahagi ng panloob na katawan ng isda at sa konotatibong pagpapakahulugan naman ay naglalarawan ng kahirapan. Ang damit naman sa denotatibong kahulugan ay isang bagay na sinusuot upang matakpan ang bahagi ng katawan at ang pagiging gulanit nito ay karaniwang resulta ng pagkapunit samantalang ang konotatibong

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

kahulugan naman nito ay naglalarawan pa rin sa kahirapan ng taong nakasuot nito. Ang salakot naman sa denotatibong pagpapakahulugan ay isang tradisyunal na sombrero ng mga Pilipino na karaniwang gawa sa ratan at kawayan at ang konotatibong kahulugan naman nito ay naglalarawan sa mga ordinaryong Pilipino na madalas ipinapakita sa katauhan ni Juan dela Cruz.

***PS 2019 – KE 11.*** Ang kartung editoryal na ito ay ginamitan ng dalawang *sign*. Ang dalawang *sign* na ito ay *tangke de giera* at taong nakaluhod.

Sa denotatibong pagpapakahulugan, ang *tangke de giera* ay isang kasangkapan ng mga militar na ginagamit sa digmaan samantalang ang konotatibong kahulugan naman nito ay naglalarawan ng matinding giyera. Ang denotatibong kahulugan naman ng taong nakaluhod ay isang posisyon ng katawan na ang tuhod ay nakalatag sa sahig o lupa samantalang ang denotatibong kahulugan naman nito ay sumisimbolo sa paghihirap, pagdurusa, o pagmamakaawa.

***PDI 2020 – KE 12.*** Ang kartung editoryal na ito ay kakikitaan lamang ng dalawang *sign*. Ang mga *sign* na ito ay ang mikrobyong naglalarawan sa *covid-19* at imahe ng isang manggagawang ipinapalagay na nawalan ng trabaho.

Sa denotatibong pagpapakahulugan, ang *covid-19* ay tinatawag ding *N-Cov* o *corona virus* na isang uri ng nakahahawang mikrobyo na sinasabing nagmula sa Tsina taong 2019 at sa konotatibong pagpapakahulugan naman ay naglalarawan ito sa mahirap na kalagayan dala ng matinding epekto nito bilang pandemya sa lipunan. Ang manggagawa naman sa denotatibong kahulugan ay tawag sa taong nagtatrabaho para kumita at sa konotatibong pagpapakahulugan ay sumisimbolo ito ng lakas-paggawa.

***PDI 2020 – KE 13.*** Ang kartung editoryal na ito ay kakikitaan ng limang *sign*. Ang mga *sign* na ito ay mahabang papel, *lectern*, lente, salakot, at *covid-19 virus*.

Ang mahabang papel sa denotatibong pagpapakahulugan ay isang bagay na ginagamit sa sulatan ng maraming impormasyon at ang konotatibong kahulugan naman nito ay maaaring mahabang listahan ng mga impormasyon o mga pangako. Ang *lectern* naman sa denotatibong pagpapakahulugan ay tawag sa patungan ng aklat at ang konotatibong kahulugan naman nito ay sumisimbolo sa pormal na okasyon. Ang lente naman sa denotatibong pagpapakahulugan ay isang kasangkapang nakatutulong upang makita o mahanap nang malinaw ang isang bagay o impormasyon at sa konotatibong pagpapakahulugan naman ay may hinahanap o binubusising mga bagay o impormasyon. Ang salakot naman sa denotatibong pagpapakahulugan ay isang tradisyunal na sombrero ng mga Pilipino na karaniwang gawa sa ratan at kawayan at sa konotatibong pagpapakahulugan naman ay naglalarawan sa mga ordinaryong Pilipino na madalas ipinapakita sa katauhan ni Juan dela Cruz. Sa kartung editoryal na ito ay makikita rin ang simbolo ng *covid-19* na sa denotatibong pagpapakahulugan ay tinatawag ding *N-Cov* o *corona virus* na isang uri ng nakahahawang mikrobyo na sinasabing nagmula sa Tsina taong 2019 at sa konotatibong pagpapakahulugan naman ay naglalarawan ito sa mahirap na kalagayan dala ng matinding epekto nito bilang pandemya sa lipunan. Kung pagbabatayan naman ang epekto ng mikrobyong ito ay

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved

mabibigyan ito ng konotatibong pagpapakahulugan na sumasalamin sa kasalukuyang pandemyang nararanasan ng buong mundo.

***PS 2020 – KE 14.*** Ang kartung editoryal na ito ay kakikitaan ng tatlong *sign*. Ang mga *sign* na ito ay palasong wala ang kabilang ulo, salakot, at tangke ng oksiheno.

Sa denotatibong pagpapakahulugan, ang palaso ay isang simbolo na ginagamit sa pagtuturo o pagbibigay ng direksyon at sa konotatibong pagpapakahulugan naman, ang pagkawala ng isang ulo nito ay naglalarawan sa maaaring pagliko pababa o pataas na patutunguhan ng direksyon nito. Ang salakot naman sa denotatibong kahulugan ay isang tradisyunal na sombrero ng mga Pilipino na karaniwang gawa sa ratan at kawayan at ang konotatibong kahulugan naman nito ay naglalarawan sa mga ordinaryong Pilipino na madalas ipinapakita sa katauhan ni Juan dela Cruz. Ang tangke ng oksiheno naman sa denotatibong pagpapakahulugan ay isang kagamitan sa hospital na ginagamit pantulong para sa maluwag na paghinga ng taong may sakit at ang konotatibong kahulugan naman nito ay naglalarawan sa pagkakaroon ng sakit.

## IV. Konklusyon

Napatunayan sap ag-aaral na ang mga karting editoryal ay kasasalamina ng iba't ibang simbolo na nagpapahayag ng iba't ibang mensahe. Ginagamit sa mga karting editoryal ang iba't ibang uri ng hayop at mga bagay na may denotatibo at konotatibong kahulugan.

## Talasanggunian

[1] Cana, R. (2012). Editorial Cartooning, TST JournSem. San Ildefonso, Bulacan, Philippines. Retrieved November 05, 2020, from https://www.slideshare.net/mobile/ronelcana/editorial-cartooning-14311021
[2] Curtin, B. ( ). Semiotics and Visual Representation. Retrieved January 13, 2020 from https://www.google.com/url?sa=t&source=web&rct=j&url=http://www.arch.chula.ac.th/journal/files/article
[3] Lanir, L. (2019). Ferdinand de Saussure: The Linguistic Unit – Sign, Signified and Signifier Explained. Retrieved January 13, 2021 from https://medium.com/@llanirfreelance/ferdinand-de-saussure-the-linguistic-unit-sign-signified-and-signifier-explained-a7e361b5a2f3
[4] Loguibis, D. (2009). Gearing Towards A New Beginning: Cartooning in Journalism. Lektyur sa mga mag-aaral ng PUP-College of Communication, Manila, Philippines. Retrieved November 05, 2020, from https://www.google.com/amp/s/barangayrp.wordpress.com/2009/07/24/gearing-towards-a-new-beginning-cartooning-in-journalism/amp/
[5] Stead, O., Liew, C. (2020). Editorial Cartoon Collections: A Review of Indexing Challenges. Aslib Journal of Information Management, Vol. 72 No. 3, pp. 421-438. Emerald Publishing Limited. Retrieved January 02, 2021 from https://doi.org/10.1108/AJIM-10-2019-0288

Copyright © 2023 IJAMS, All right reserved